# CNorte nakilahok sa Gayon Bikol


**BATINGAW**
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 4 DAET, CAMARINES NORTE OKTUBRE 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com


**nasa loob**


EDITORYAL 4
PIKTORYAL 5
Salamat Gob HELP column p 2



Jesus O. Typoco, Jr.
Governor


Edgardo Reyes
Tourism Officer-Designate












Sa pangunguna ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr.,

(Sundan sa pahina 6)

*Ang isinagawang Gayon Bikol OK Bikol sa SM Mega Trade Hall ng SM Mega Mall kung saan lumahok ang lalawigan ng Camarines Norte. Nakiisa rito ang Sangguniang Panlalawigan at mga hepe ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan. Ilan sa mga bumisita sa booth ng Camarines Norte ay sina Senator Mar Roxas, na kasama dito ang ilang staff ng Governor's Office at Cong. Dato Arroyo ng Camarines Sur. Ang Gayon Bikol OK Bikol ay itinaguyod ng DOT at DTI regional offices ng Bicol Region.*

## Tiangge sa FishCon isinagawa sa 45th Fish Conservation Week dito



Aktibong nakiisa ang Camarines Norte sa pambansang selebrasyon ng 45th *Fish Conservation Week* na may temang, "*Pagbabago ng Klima ... Hamon sa Likas-Yamang Pangisdaan*" na isinagawa rito simula Oktubre 20-24, 2008.

Pinangunahan ng *Provincial Fisherfolk Council of Leaders(PFCL)* ang isinagawa ritong simple ngunit makabuluhang mga programa at gawain sa mga nabanggit na petsa na aktibong sinuportahan ng *Socio-Pastoral Action Center Foundation, Inc. (SPACFI)*, *Provincial Agricultural and Fishery Council (PAFC)* at itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng *Fisheries Development Division*-

(Sundan sa pahina 3)


Edgar Estanislao
FDD Chief-OPAg



# MM Libraries, dinayo ng CNPL staff

Nagsagawa ng 2-araw na *educational tour* noong Oktubre 23-24, 2008 sa *Metro Manila libraries* ang *staff* ng *Camarines Norte Provincial Library (CNPL)* bilang bahagi ng isusulong na *e-library modernization* para sa lalawigan ng Camarines Norte.

Una nilang tinungo ang *The Asia Foundation (TAF)*, isang *non-government organization (NGO)* na namamahagi ng mga libreng aklat sa mga pampublikong aklatan *(public libraries)* at *learning institutions*. Malugod na tinanggap ni Mr. Efren C. Balajadia ng *TAF* ang Camarines Norte na itinuturing nilang isa sa mga karapat-dapat na pagkalooban ng tulong dahil sa kakulangan ng aklat at iba pang uri ng babasahin sa mga *public libraries* sa Rehiyong Bicol, bagama't malaking bahagi ng kanilang gawain ay nakatuon sa malalayo at mahihirap na lugar sa Visayas at Mindanao,.

Ang *CNPL staff* ang unang grupo ng *public library representatives* na bumisita sa kanilang tanggapan ngayong *fiscal year*. Bilang pribilehiyo, binigyan nila ng pagkakataon ang *CNPL staff* na pumili ng mga aklat na tatlong beses ang dami kaysa sa karaniwang alokasyon na kanilang ipinagkakaloob. Sa kabuuan, tatlong kahon na binubuo ng 90 pirasong mga bagong aklat na ang iba'y mga *hardbound* pa ang cover na ipinagkaloob sa *CNPL*.

Kaugnay nito, masayang ipinakita ni Ms. Marita G. Valerio ng *Bibliographic Control Unit* ang kabuuan ng *De La Salle University Library* na may 6,800 metro kwadradong *floor area* at may 1,266 *seating capacity*. Nakamamangha ang malawak na koleksyon nila ng mga aklat, *periodicals, thesis/dissertions, indices at audio/visual materials*.

Ang mga *data base materials* ay maaaring i-*access* sa pamamagitan ng *On-line Public Access Catalogue (OPAC)* gamit ang *WEBFEAT search engine* at *EBSCO searching tool*. Mayroon din silang *On-line Web Subscription* ng iba't-ibang *journals*. Maging sa *renewal* ng mga hiniram na *materials* ay maaari ring isagawa nang *on-line* o gamit ang *internet* sa pamamagitan ng *WebOPAC* dalawang araw bago mag-*due date*.

Dinala rin ni Ms. Valerio ang buong *staff* sa *museum, memorabilia rooms, mini e-classroom, cybernook, exhibit and display areas, satellite libraries,* at iba pang lugar. Dahil sa kakulangan ng oras ay hindi nakita at napuntahan ng *CNPL staff* ang iba pang *services* at *facilities* nito.

Bago tuluyang nagpaalam ang *CNPL staff* ay nagbigay pa ng dalawang kahon ng mga aklat ang *DLSU library*.

Sa huling bahagi, tinungo ng grupo ang *Parañaque City Library* na pinangangasiwaan ni Ms. Amalia E. Martin gayundin ang *The National Library*.

Matapos ang pagmamasid at pag-aaral, ipinagkaloob naman ni Mr. Sancho Dumenden, *Public Library Division Chief* ng *The National Library* ang alokasyon ng libro para sa *CNPL*. Sa kabuuan ay 6 na kahon ng mga donasyong aklat ang naiuwi ng CNPL *staff*.

Sa isinagawang *educational tour*, nagkaroon ng dagdag-kaalaman ang *CNPL staff* kung paano sila makapagbibigay ng mas mahusay na serbisyo sa mga tagapagtangkilik ng panlalawigang aklatan dito. ***D.C. DIME***



***Mga staff ng Camarines Norte Provincial Library nang sila ay nagkaroon ng Educational Tour sa kalakhang Manila sa mga aklatan doon at tumanggap ng mga donasyong aklat mula sa mga ito. Kasama sa larawan ang staff ng Provincial Library, sina Dario Dime, Amelia Visitacion at Adela Venida ng CNPL.***

## Salamat Gob HELP column

**Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.**

| | | | |
|---|---|---|---|
| October | 2 | Lizel B. Magnaye of Bicol Campus Crusader Christ for their Leadership training | P500.00 |
| | 6 | Angelica Azur of Brgy. Bagasbas for her tuition fee at the Lourdes College Foundation. | 2,678.00 |
| | | Bonifacio Asutilla of Brgy. Apuao for the burial assistance to Brgy. Capt. Fernando Asutilla | 10,000.00 |
| | | Hilarion C. dela Rama of Brgy. Dogongan for the purchase of t-shirt of the members of the senior citizen | 1,875.00 |
| | | Dolores A. Belangel, Day Care Worker of Star Day Care Center for the coronation rites of Little Mr. & Miss United Nations 2008 | 1,200.00 |
| | | Mercy D. Tuzon of Brgy. Tarum, Mercedes, Cams. Norte | 1,000.00 |
| | 8 | Mary Grace Cambronero of Starlight Day Care Center for their Mr. & Miss United Nations 2008 | 500.00 |
| | | Christian Beda G. Asis of Brgy. Mangkawayan, Vinzons and Microsystem 2008 | 500.00 |
| | | Agnes Acal of Brgy. Sto. Domingo, Vinzons for the medicine assistance to Ronesto Acal | 500.00 |
| | 20 | Noe B. Tanierla of Sovereign Grace Bible Baptist Church for their 2nd Annual Youth Fellowship | 1,000.00 |
| | 22 | Gene Paulo B. Cabezudo of St. Francis Parochial School and President of the Historian Club for their Social Studies Week Celebration | 1,000.00 |
| | | Diane Babagay of Prex Batch 22 of Parish of the Divine Mercy for the Orientation Seminar of incoming Prex members | 500.00 |
| | 30 | Minda Villaflores of Brgy. Dalnac, Paracale for medicine assistance | 1,500.00 |
| | | Blesilda Nava of Mabini Colleges Inc. for her tuition fees | 2,000.00 |
| | | Marie Antonette B. of Mabini Colleges Inc. for her tuition fees | 2,000.00 |
| | | **Total** | **P26,753.00** |

# Mga nanalo sa 2007 Search for CFB inihayag

Tinanghal na kampeon ang Barangay IV, Daet sa 2007 *Search for Child–Friendly Barangays (CFB)* at tumanggap ito ng gantimpalang salaping man ng Barangay Kalamunding, Labo ang ikalawang puwesto at premyong P30,000.00, at; pumangatlo ang Bara ngay Salvacion, Jose Pa nganiban, na naiuwi ang gantimpalang P20,000.00. Sila rin ay pawang tumanggap ng mga kaukulang plake.

Pinagkalooban din ng premyong P10,000.00 at P5,000.00 ang Barangay III, Vinzons at Barangay Malaguit, Paracale na nasungkit ang ika-apat at

*(Sundan sa pahina 3)*



***Ang Brgy. Kalamunding, Labo, Camarines Norte na nagwagi ng ikalawang puwesto sa 2007 Search for Child-Friendly Barangays (CFB). Kasama sa larawan ang konseho ng barangay, ang Search Committee na pinamumunuan ni Arch. Madonna Abular, si Vice Mayor Dindo V. Pardo at mga miyembro ng Labo Municipal Council, si Mayor William Lim , Ex-Officio BM Bong Avila at BM Michael G. Canlas.***

# 14TH PAWD Nat'l. Oratorical & Poster-making contests isinagawa ng CNWD sa lalawigan

Ginanap noong Oktubre 8, 2008 sa CNWD Mess Hall ng Camarines Norte Water District (CNWD) sa layuning mapanatiling malinis at ligtas ang tubig-inumin para sa kalusugan ng mga mamamayan, ang 14th PAWD National Oratorical Contest na may temang *"Water and Sanitation for Life's Preservation"* na isinusulong ng CNWD sa pamumuno ni General Manager Nanette F. Boma.

Ito ay sinundan ng isa pang gawaing nagsusulong sa kalikasan sa pamamagitan ng isang On-the-Spot Poster-Making contest na may temang: *"Improving River Quality for Sanitation"* sa kaparehong layuning mapangalagaan at kalingain ang kalikasan at ang mga ilog na pinanggagalingan ng tubig-inumin sa pamayanan.

Ang mga nasabing gawain ay linahukan ng mga mag-aaral sa iba't ibang paaralang pangsekondarya sa lalawigan. Kabilang sa mga nagwagi sa patimpalak sa Oration na linahukan ng labing-isang (11) mag-aaral ay sina: Jose Maria Icatlo ng La Consolacion College of Daet – 1st place; Kayleen Fernandez ng Camarines Norte State College Abaño Laboratory High School – 2nd Place, at; Crystal Kaye Precilla ng DQLiwag National High School – 3rd Place. Ang mga coaches ng nasabing mga nagwagi ay sina Senen Gabua, Delma Jean Abad at Andrea Botial, ayon sa pagkakasunud-sunod.

Ang mga miyembro ng inampalan ay sina Gg. Lourdes Urbano-Ong, Gg. Purita P. Briñas ng CAO-G.O. at Teodorico Licarte ng EERMD-G.O.

Ang mga nagwagi naman sa labing-tatlong (13) mag-aaral na nagsilahok sa On-the-Spot Poster-Making Contest ay sina Marco Vidal ng Paracale National High School – 1st Place; Jeric Sayno ng DQ Liwag NHS – 2nd Place, at; Janvier Oscar Aldave ng Moreno Integrated School – 3rd Place.

Ang kanilang mga coaches ay sina: Andreo Tagle, Andrea Botial, at Clarita Reyes, ayon sa pagkakasunud-sunod. *Angel SDG/PB*



Ang mga nagwagi sa Oratorical Contest sa CNWD na sina Kayleen Fernandez-2nd; Jose Maria R. Icatlo-1st Place, at Crystal Kaye Precilla-3rd; sa Poster-making contest naman ay sina Marco Vidal-1st, Jeric Sayno-2nd, at Janvier Oscar Aldave-3rd Place.

# Mga nanalo ...

*(Mula sa pahina 2)*

ika-limang puwesto sa taunang patimpalak, ayon sa pagkakasunod.

Ang naturang *awarding ceremony* ay isinagawa sa huling bahagi ng programa ng *Child-Friendly Movement* na isinagawa noong Oktubre 24, 2008 sa *3rd floor, Golden Palace Restaurant*, Daet, Camarines Norte.

Maliban sa mga nabanggit, nagbigay rin ng espesyal na gawad-pagkilala *(award)* sa mga barangay na nakapagpatupad ng katangi-tanging gawain sa isang partikular na programang makabata base sa pamantayang ipinatutupad ng *CFB Provincial Search Committee.*

Nanalo ang Brgy. Rizal, Sta. Elena para sa kategoryang *Child-Friendly Barangay Governance,* Brgy. San Isidro, San Lorenzo Ruiz para sa *Child-Friendly School System (CFSS)*, at Brgy. San Roque, Mercedes na nanguna sa pagpapatupad ng mga programa at proyekto sa ilalim ng *Early Childhood Care and Development (ECCD).* Tumanggap sila ng mga kaukulang plake at gantimpalang salapi na tig-P20,000.00.

Bago ang naturang *awarding ceremony*, inilahad at ipinaliwanag muna ni *Ex-Officio* SP *Member* William Carlo Avila, *chairperson* ng *2007 Search for CFB* ang mga ginamit na pamantayan sa ebalwasyon *(criteria for evaluation)* at proseso sa pagpili *(selection process) sa* mga nanalong barangay.

Pinagkalooban naman ng *certificate of recognition* ang mga bayan na lumahok sa patimpalak, ito ay ang Basud, Daet, Jose Panganiban, Mercedes, Labo, Paracale, San Lorenzo Ruiz, Sta. Elena at Vinzons.

Ginawaran din ng parangal ang mga bayan ng Daet, Labo at Vinzons kung saan lahat nang kanilang barangay ay lumahok sa patimpalak sa pamamagitan ng kanilang mga kaukulang *Municipal Planning and Develop-*

*(Sundan sa pahina 9)*

# Tiangge...

*(Mula sa pahina 1)*

*Office* ng *Provincial Agriculturist (FDD-OPAg).*

Isa sa mga tampok na aktibidad nito ang 5-araw na *Tiangge sa Fishcon* sa *Provincial Capitol* na pormal na binuksan sa publiko matapos ang *ceremonial opening/ribbon-cutting* nito sa umaga ng Oktubre 20.

Layunin nito na magkaroon ng pagkakataon ang mga lokal na *fish processors* at mga *Rural Improvement Clubs (RICs)* na maipakilala at maipagbili sa publiko ang kanilang mga natatanging produktong isda at iba pang kauri nito.

Kaugnay nito, tuwing hapon ay nagkakaroon ng *lecture-demonstration* ng mga lutuing isda sa mga naturang petsa gayundin ang *video showing* ukol sa mga *livelihood opportunities, fish conservation, activities on law enforcement* at *effects of global warming* na pawang nakasentro sa industriya ng pangisdaan.

Lumahok din sa tiangge ang ilang ahensya tulad ng *Regional Fisheries Training Center (RFTC)* ng Tabaco City; *Municipal Agricultural Office* ng Tiwi, Albay na ipinakilala ang Tiwi pansit na gawa mula sa *seaweeds,* gayundin ang *Mercedes Fish Processing Plant* ng *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR)* sa bayan ng Mercedes, Camarines Norte na nagdispley at nagbenta ng kanilang mga *processed fishery products*.

Kaalinsabay ng tiangge ay isinagawa naman ang *Fisherfolks Forum* sa *Audio-Visual Production Center (AVPC)* na dinaluhan ng mga opisyal at kinatawan ng *Bantay-Dagat Composite Team, Municipal Agricultural Officer/Municipal Agriculturist (MAO/MA)* ng siyam na *coastal municipalities,* at mga ahensya na nagpapatupad ng mga batas pampangisdaan tulad ng *Philippine National Police (PNP), Maritime, Philippine Coast Guard* at *Environmental Management Bureau (EMB)* ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR).*

Tinalakay sa naturang *forum* ang paksang *Laws and Cases within the Jurisdiction of the Special Environmental Court* na pinangasiwaan nina *Presiding Judge* Leo L. Intia ng *Regional Trial Court (RTC) Branch 27-Naga City* at *Presiding Judge Roberto A. Escaro* ng *RTC Branch 38-Hall of Justice Daet.*

Ang mga detalye at impormasyon ukol sa pangangalap ng mga kaukulang ebidensya at pagsasampa ng mga kaukulang kaso sa Korte kaugnay ng mga paglabag sa mga batas-pampangisdaan ay inilahad at masusing ipinaliwanag ni *Atty.* Jude Allaga ng *Allaga Law Office*-Daet.

Maliban dito, nagkaroon din ng presentasyon ng 2008 *Food Summit Output in Fisheries & Revalidation of Issues & Discussion of Strategic Interventions Identified to Address Key Issues,* at ang *Formulation* ng *Action Plan for Fisheries in Camarines Norte.*

Noon namang Oktubre 21-22 ay binigyan ng pagsasanay ang mga *AT-Fisheries* at *Team Leader* ng Bantay Dagat ukol sa pagbasa ng *global positioning system (GPS)* na itinuro ng *National Mapping Resource Information Authority (NAMRIA).*

Ang *Sectoral Forum and Market Linkaging for Processed Fishery Products* para sa mga *fish processors* ay ginanap noong Oktubre 23 kung saan naging tagapagtalakay ang mga kaukulang kawani ng *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources Regional Office 5 (BFAR RO 5), Department of Trade and Industry (DTI)* at *Bureau of Food and Drug Administration (BFAD).*

*(Sundan sa pahina 9)*




*Pinangunahan nina Provincial Legal Officer Jose Atienza at SP Member Romeo Marmol, chairman, SP Committee on Agriculture ang pagbubukas ng Fish Con Tiangge sa loob ng Provincial Capitol na sinaksihan ng mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan kaugnay ng ika-45 selebrasyon ng Fish Conservation Week dito.*



EDITORYAL

# Role Reversal

Kapansin-pansin at nakaaalarma na ang mga pangyayari kung saan hindi na maganda ang idinudulot ng pagkakaroon ng pagkakapalit-palit sa mga obligasyon ng mga miyembro ng pamilya.

Noong unang panahon, kapag sinabing **ama** - siya ang haligi ng tahanan kung saan ang miyembro ng pamilya ay sa kanya umaasa ng kanilang pagkain sa araw-araw, mga pangunahing pangangailangan at paglago ng kabuhayan. Ang ina naman ang ilaw ng tahanan, inspirasyon at gabay ng mga anak.

Sa pagdaan ng panahon, nakita natin na ang ina na ang gumagawa ng mga paraan upang may maibuhay sa pamilya kahit na pa siya ay lumayo at maghanap ng trabaho sa ibang bayan at maging sa ibang bansa, sukdang ipagpabili ang kanyang puri at dangal, samantalang si tatay ang natitira kasama ng kanilang mga anak na kung hindi man nagkakarelasyon sa ibang babae, nalululong sa alak o droga at nagagawang tampalasanin ang kanilang anak na babae na kalauna'y nagbubunga ng imoral na ***incestuous relationship.***

Ngayon, pagmasdan ninyo, ang kapaligiran. Si nanay ay nagsusugal samantalang si tatay ay tulog dahil sa pagkalango sa alak. Ang mga anak – sa halip na nasa paaralan, ay naghahanap-buhay kung hindi man namamalimos, namumulot ng mga *scrap iron* at iba pang maipagpapabili upang may makain lamang. Ang mga batang ito ang nabubulid sa kapariwaraan.

Kaugnay nito, ang programang "***Maabilidad si Dad***" na isinagawa kamakailan nina PSWDO Lorna de Claro ay kapuri-puri dahilan sa napapanahon at umaantig sa damdamin ng mga tatay upang kumilos at ipakitang kaya nilang bumuhay ng pamilya sapagka't sa kaparaanang ito lamang nila maipakikita ang kanilang tunay na pagkalalaki - hindi sa bisyo at pambababae! Sana'y ipagpatuloy pa ang mga ganitong uri ng programa.

# Eco-quiz at oratorical contest isinagawa ng EERMD-G.O. kaugnay ng Aral-Kalikasan Program



**Engr. Leopoldo P. Badiola**
**EERMD Chief**

Sa pamamagitan ng *Ecosystem and Environmental Resource Management Division-Office of the Governor* (EERMD-G.O.), itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ang *ecological quiz* at *oratorical contest* na nakatuon sa temang *"Nagbabagong Klima: Umiinit na Mundo; Kabataan, Anong Magagawa Mo?".*

Isinagawa ito noong Oktubre 28, 2008 sa *Audio Visual Production Center (AVPC), 3rd floor annex, Provincial Capitol*, Daet, Camarines Norte kaugnay ng programang Aral-Kalikasan na ipinatutupad ng nabanggit na dibisyon.

Ito ay nilahukan ng mga kabataang mag-aaral mula sa labimpitong (17) pampubliko at pribadong paaralang elementarya sa iba't-ibang bayan sa lalawigan partikular na dito sa bayan ng Daet.

Tinanghal na kampeon sa *oratorical contest* si Roselle Barreto ng Jose Panganiban *Elementary School* samantalang si Karl Gabriel A. Era naman ng Mercedes *Elementary School* ang nakakuha ng unang puwesto sa *ecological quiz*. Kapwa sila tumanggap ng premyong tig-P3,000.00, *gold medal*, tropeo para sa eskuwelahan at *certificate of participation*.

Sa *oratorical contest* pa rin, naiuwi ni Mary Cecilia Armea ng Daet *Elementary School* ang ikalawang puwesto, at; pumangatlo naman si Ralf John Rafael ng Mercedes *Elementary School*. Ang ikalawang puwesto naman sa *ecological quiz* ay napanalunan ni Rachel Blaire Dayoc ng Talisay *Elementary School*, at; nakuha naman ni Sarah Mae Obmaña ng Labo *Elementary School* ang ikatlong puwesto.

Ang mga nakapag-uwi ng ikalawang puwesto at ikatlong puwesto sa *eco-quiz* at *oratorical contest* ay tumanggap ng gantimpalang tig-P2,000.00 at tig-P1,000.00, at; medalyang tanso at bronse, ayon sa pagkakasunod. Pinagkalooban din sila ng *certificate of participation*, at tropeo para sa kanilang eskuwelahan.

Ang mga paaralang lumahok sa nasabing mga patimpalak ay ang mga sumusunod: Basud *Elementary School*, Chung Hua, Camarines Norte *State College*-Abaño Campus, Claudio Villagen *Elementary School*, Daet *Elementary School*, ICL *Elementary School*, Jose Panganiban *Elementary School*, Labo *Elementary School*, Larap *Elementary School*, Mercedes *Elementary School*, *Our Lady of Lourdes College Foundation - Elementary School*, Paracale *Elementary School*, San Vicente *Elementary School*, *St. Lukes School*, Talisay *Elementary School*, Tulay na Lupa *Elementary School* at Vinzons *Pilot Elementary School*.

Nagsilbing mga hurado sa *oratorical contest* sina Mrs. Ellen B. Austria, *Asst. Provincial Planning and Devt. Coordinator (APPDC)* ng *Provincial Planning and Devt. Office (PPDO)*, Mrs. Purita P. Briñas, *Community Affairs Officer IV* ng *Community Affairs Office (CAO)*, at; Mr. Gonzalo C. Binay ng *G.O.-EERMD*. Sina Mrs. Nancy Guinto at Mr. Raphy Belardo ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* at Mrs. Nida Tosoc ng PPDO naman ang mga naging hurado sa *ecological quiz*.

Sa inilunsad na *Environmental Awareness Challenge for Teachers (EACT)* na isang paligsahan para sa mga guro na idinaos kasabay ng naturang *ecological quiz*, nanguna

*(Sundan sa pahina 6)*




***Ang itinanghal na kampeon sa Oratorical Contest na si Roselle Barreto ng Jose Panganiban Elementary School kasama niya rito ang kanyang coach at sina Engr. Pol Badiola, hepe ng EERMD at mga miembro ng hurado na sina Ellen B. Austria ng PPDO, Purita P. Briñas ng CAO at Gonzalo C. Binay ng EERMD.***

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/ design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports – Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O. —Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism-Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Deve-lopment Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Mga piling larawan










*1) Bumisita si P/C Supt. Paterno P. Bangui kasama ang ilan pang opisyal ng PNP at si Col. Carlos E. Luces, CO ng 902nd IBde, 91DPA sa tanggapan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.; 2) Ang ika-apat na ceremonial destruction ng mga substandard Christmas lights na ginanap sa harap ng tanggapan ng DTI Camarines Norte Provincial Office na dinaluhan ni Engr. Gerry Quiñones, EA IV at kinatawan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr., kasama rin dito ang ilang kawani ng PNP Daet Police Station na silang katulong ng DTI sa pamumuno ni PD Ernie Pardo sa pagkumpiska ng mga nasabing substandard Christmas lights; 3) Ang pagpirma sa Memorandum of Agreement ukol sa Internal Security of Bicol and Joint Implementing Rules sa pagitan ng Philippine Army at Phil. National Police na ginanap sa tanggapan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. Kasama sa mga pumirma sina Col. Ramon M. Baldemor (PA), Col, Carlos E. Luces (PA), P/C Supt. Paterno P. Bangui, RD PRO 5 at P/Supt. Noel G. Constantino, CSEF-PD CNPPO at ilan pang mga opisyal mula sa PNP; 4) Ang mga NEDA documentors ukol sa Localization and Sustainable Development sa pangunguna ng kanilang Team Leader na si Rona Co, Production Consultant, kasama ang PPD Coordinator Arch. Madonna Abular, Thelma Bardon at Amelia Lopez ng PPDO nang ito ay mag-courtesy call sa tanggapan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.*



# Resulta ng 2008 PSQ Provincial Level



**Jezaline A. Abanes**

Nagkampeon si Jezaline A. Abanes, mag-aaral ng *Mabini Colleges (MC)* sa isinagawang *Provincial Championship* ng *2008 Philippine Statisctics Quiz (PSQ)-Provincial Level* noong Oktubre 22, 2008 sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)*, Daet, Camarines Norte. Kasamang nanalo ni Abanes ang apat (4) pang kinatawan ng *Mabini Colleges* sa naturang paligsahan na nakuha ang ikalawa hanggang ikalimang puwesto.

Naiuwi ni Loure May C. Malaluan ang ikalawang puwesto, si Roderick L. Balictar ay ang ikatlong puwesto; pang-apat na puwesto naman ang kay Estela C. Lasay, at; panlimang puwesto ay si Chiesly M. Macale.

Ang nanalo ng una, ikalawa at ikatlong puwesto ay tumanggap ng tropeo, *certificate of participation* at *cash prize* na P2,000.00, P1,500.00, at P1,000.00, ayon sa pagkakasunud-sunod. Binigyan naman ng kaukulang medalya at *certificate of participation* ang nakakuha ng ikaapat at panlimang puwesto.

Magkatuwang na itinaguyod ng Pamahalaang Panlalawigan at *National Statistics Office-Camarines Norte (NSO-CN)* ang *2008 PSQ* bilang suporta nila sa pagdiriwang ng *19th National Statistics Month* at *National Children's Month* na ginagawa sa buong bansa taun-taon.

Sina Abanes, Malaluan at Balictar na nanalo ng una, ikalawa at ikatlong puwesto ang opisyal na kinatawan ng Camarines Norte sa gagawing *PSQ Regional Championship* sa Nobyembre 11, 2008 sa Legaspi City. Sinuman sa kanila ang papalaring manalo rito ay siyang magiging kalahok sa *PSQ National Championship* na gagawin sa unang linggo ng Disyembre, 2008 sa Metro Manila.

Samantala, sa kabuuan ay 26 na mga *1st year college students* mula sa iba't-ibang kolehiyo rito ang nagtagisan ng talino sa *2008 PSQ*. Sa naturang bilang, siyam (9) ang mula sa *Our Lady of Lourdes College Foundation (OLLCF)* na ginabayan ng kanilang *coaches* na sina Irish Herico at Ronald R. Borras; pito (7) mula sa *Camarines Norte State College (CNSC)* na sinuportahan ng kanilang *coaches* na sina Arthur I. Avila, Jr., Levey B. Ber-

*(Sundan sa pahina 8)*










***1. Ang Provincial Statistical Quiz na ginanap sa CN Agro Sports Center kaugnay ng selebrasyon ng Statisitical Month ngayong Oktubre na pinangasiwaan ng NSO, at PPDO ng pamahalaang panlalawigan;***

***2. Sina Dr. Tran Thi Thanh Thanh-Chairperson, Vietnam Assn for Protection of Children's Rights, Mdm Nguyen Thi Binh, Fmr VP of Vietnam; Ms. Amihan V. Abueva-Reg'l Coordinator, Asia ACTs; Mdm Nguyen Ngoc Dung, Vice Chair, Ho Chi Minh City Child Welfare Fdn. nang nagkaroon ng Experience Sharing in Addressing Child Trafficking in Southeast Asia***

***3. Ang Philippine delegation sa Experience Sharing & Planning workshop in Addressing Child Trafficking in Southeast Asia na dinaluhan sa Hanoi ay sina CAO Purita P. Briñas, Convenor for Luzon; Dr. Marcelina Carpizo-President, PACT, at; Ret. DSWD USec. Lourdes Balanon, Asia ACTs Board Member .***

## CNorte nakilahok ...

*(Mula sa pahina 1)*

nakiisa ang Lalawigan ng Camarines Norte sa *Gayon Bikol sa OK Bikol (Orgullo kan Bikol)* na isinagawa noong Oktubre 2-5, 2008 sa *Megatrade 2, SM Megamall.*

Dumalo rin dito ang iba pang matataas na opisyal ng pamahalaang panlalawigan at hepe ng iba't-ibang tanggapan nito, mga pamahalaang lokal at mga kinauukulang pambansang ahensya ng pamahalaan na nakabase rito sa Camarines Norte.

Ang naturang *regional travel and trade exhibit* na nasa ika-6 na taon na ngayon ay tinampukan ng mga produktong gawa mula sa anim (6) na lalawigan ng Rehyong Bikol na kinabibilangan ng Camarines Norte, Camarines Sur, Albay, Masbate, Catanduanes, at Sorsogon.

Taun-taon itong itinataguyod ng *Department of Trade and Industry (DTI)* at *Department of Tourism Regional Office 5* sa pakikipagtulungan ng mga pamahalaang lokal at pribadong sektor.

Layunin nito na maipakilala sa publiko ang mga produktong tatak-Bikolano tulad ng mga pagkaing gawa mula sa pili, *Bicol Express*, at laeng, partikular na ang pinyang *'Queen' (formosa)* mula rito sa Camarines Norte na kinikilalang pinakamatamis na pinya sa bansa na iniluluwas na sa mga bansang Korea, Japan, Hongkong at China.

Inaasahan na sa pamamagitan nito, mahihikayat ang mga lokal at dayuhang turista na magtungo sa iba't-ibang *tourist destinations* ng Rehiyong Bikol, tangkilikin ang mga katutubong produkto nito, mahalin ang natatanging kulturang Bikolnon, at mabighani sa magiliw na pag-uugali ng mga Bikolano.

Samantala, ang nabanggit na 4 na araw na *regional travel and trade exhibit* ay pormal na binuksan sa publiko matapos ang opening ceremony nito noong Oktubre 2 na tinampukan ng L-Ray Villafuerte *Cultural Dancers (LRVCD)*, Vanessa Rayel at Eddie Suarez. Sinundan ito ng serye ng mga awitin ni Rayel (Kundiman Champion) sa ganap na ika-4 n.h., *cultural presentation* ng *LRVCD* sa ika-5 n.h., at; ang *Artist's Extravaganza* sa ika-6 n.g. na tatampukan ng mga sikat na mang-aawit ng bansa na sina Gino Padilla at Lou Bonnevie.

Ang iskedyul simula Oktubre 3-5, 2008, ay ang mga sumusunod: Okt. 3 - 4:00 *p.m.* – *Product Presentation (Misibis Discovery Bay)*; 5:00 p.m. – Lou Hilario's *Magic (Top Magician of the Philippines)*; at 6:00 *p.m.* – *Cultural Presentation* (Kadangyan *Band*); Okt. 4: 3:00 *p.m.* – *Culinary Product Presentation of Gubat Specialties (LGU Gubat, Sorsogon)*; 6:00 *p.m.* – *Pork Barrel Band*, at; Okt. 5: 4:00 *p.m.* – *Pork Barrel Band.*

Ang *Cultural Presentation* naman ng Unibersidad de Sta. Isabel *Dance Troupe* ay itinampok sa Oktubre 4-5 tuwing ika-5 n.h. sa naturan ding lugar.

Una rito, inanyayahan ni Gob. Typoco Jr. ang lahat na mga Bikolano na nakabase o nasa ka-Maynilaan man sa mga nabanggit na petsa na magtungo sa naturang eksibit bilang kanilang suporta partikular na ang pagbili nila ng mga produktong Bikolnon. ***LT IBASCO***

## Eco-quiz at oratorical ...

*(Mula sa pahina 4)*

si Lourdes Cristy C. Ubana ng Talisay *Elementary School*, pumangalawa si Luzviminda P. Cardona, at; si Rowena M. Bernas naman ang nagkamit ng pangatlong puwesto na kapwa guro sa Vinzons *Pilot Elementary School*.

Tumanggap sila ng gantimpalang P1,000.00, P750.00, at P500.00; ayon sa pagkakasunud-sunod sa kagandahang loob ng *Lions Club Daet Chapter* na pinamumunuan sa kasalukuyan ni Dr. Rene Ruidera, *General Services Officer* ng pamahalaang panlalawigan. ***(GONZALO C. BINAY)***

# School supplies ipinamahagi ng WVDFI sa mga ABK recipients dito

Umabot sa may 578 kabataan mula sa iba't-ibang barangay sa mga bayan ng Labo at Jose Panganiban ang tumanggap ng *assorted school supplies* na ipinamahagi ng *World Vision Development Foundation, Inc. (WVDFI)* simula Oktubre 13-20, 2008. Ang mga suplay ay kinabibilangan ng mga notbuk, balpen, lapis, krayola, bag, t-shirt at tela para sa kanilang uniporme.

Ito ay kaugnay pa rin sa patuloy na pagpapatupad at pagpapalawak ng programa nitong **P**ag-**A**aral ng **B**ata para sa **K**inabukasan *(ABK Initiative Phase II )* na sa kasalukuyan ay nasa ikalawang bahagi na.

Ang *ABK program* na pinupunduhan ng *United States Department of Labor (US DOL)* ay naglalayong matulungan na maibalik sa paaralan ang mga kabataang sa murang edad ay agad na nasadlak sa iba't-ibang uri ng paggawa dahil sa kahirapan.

Sa mga programang isinagawa bago ang pamamahagi; isinailalim muna sa oryentasyon ang mga magulang ng mga kabataang benepisaryo upang malaman at maunawaan nila ang kabuuan ng programa at magkaroon sila nang mas malalim na kamalayan ukol sa kanilang responsibilidad bilang mga magulang.

Kaugnay nito, nagkaroon din ng *commitment signing* sa pagitan ng mga magulang, kinatawan ng WVDFI at kinauukulang pamahalaang lokal patungkol sa kanilang adbokasiya laban sa pagbibiyahe ng mga kabataan sa iba't-ibang lugar para magtrabaho *(advocacy against child trafficking)*.

Ang naturang pamamahagi ay pinangunahan nina *WVDFI Education Project Officer* Liza V. Eyo at Nona J. Flores at sa pakikipagtulungan ng mga kinauukulang *barangay councils, community watch groups* at *Department of Education (DepEd)*.

Dumalo naman sina Bokal Arthur Michael G. Canlas at Teresita DL. Malubay sa distribusyon na isinagawa sa Sta. Rosa Sur, Jose Panganiban noong Oktubre 16, 2008.

Samantala, sa may 578 ABK recipients; 458 mag-aaral ang mula sa 10 barangay ng Jose Panganiban at 120 estudyante mula sa 3 barangay ng Labo. Ito ay nahahati sa mga sumusunod: Jose Panganiban - Parang – 112, Sta. Rosa Norte – 28, Bagumbayan – 79, Sta. Rosa Sur – 13, San Rafael – 25, Luklukan Sur – 41, Luklukan Norte – 19, Larap – 54, Sta. Elena – 41, at Osmeña – 46 o kabuuang 458 kabataan, at; Labo – Exciban – 93, Benit – 17, at; Dalas – 10 o kabuuang 120 mag-aaral. ***LT IBASCO***






***Sa itaas: Ang pamamahagi ng mga school supplies sa Sta. Rosa Sur, Jose Panganiban kasama sina Bokal Michael Arthur G. Canlas & Teresita DL Malubay ng Sangguniang Panlalawigan katulong si Nona Joson ng WVDFI; sa kaliwa, ay ang pamamahagi pa rin ng school supplies katuwang ang Larap Brgy. Council ng Larap, Jose Panganiban, Camarines Norte, na pinamumunuan ni PB Nimfa Dilao.***

# Bicol PNP...

*(Continued from page 10)*

mahihinang miyembro ng komunidad.

Ito ay isa lang sa mga serye ng pagsasanay sa mga kapulisan na itinataguyod ng UNICEF, Plan International at iba pang samahan na nagbibigay ng suportang pinansyal at ipinadadaloy sa CPUNet upang maisakatuparan ang nasabing natatanging pagsasanay na isinasagawa ngayong taon sa buong bansa upang ang kagawaran ng pulisya ay mabigyan ng kasanayan sa tamang pamamaraan sa pagkilala at pagtugon sa mga biktima ng pagsasamantala ó eksploytasyong kaugnay ng *trafficking in persons* (TIP) ó pangangalakal sa tao.

Sa panimula ng programa, nagpahayag ng pagtanggap sa mga nagsipagdalo si PSI Arnulfo Silencio, Hepe ng Pulisya ng bayan ng Mercedes, na sinundan naman ng pagbibigay ng mensahe ni PSSUPT Noel G Constantino, *PNP Provincial Director*, at ng *Guest Speaker* na si PCSupt. Paterno Bangui, *Regional Director PRO5.*

Tinalakay sa unang araw ang *Situational Analysis* ng *Trafficking* na naglalaman ng *Push and Pull Factors of TIP, Profile of the Victim and Dynamics of Victimization, Statistics on Child Trafficking (CT), Profile of the Offender*, at *Social Conditions that Affect CT*, na tinalakay ni CAO IV Purita P. Briñas ng CAO -Governor's Office at *Philippines Against Child Trafficking (PACT) Lead Convenor for Luzon*.

Sinundan ito ni Provincial Prosecutor Oscar J. Villafuerte na ipinaliwanag ang *relevant provisions under RA 7610 on trafficking*, *mandatory reporting and protective custody, RA 9208 or Anti-Trafficking in Persons Act* at iba pang kaugnay na mga batas nito.

Ang pagtalakay sa *Detection of TIP* na kinapapalooban ng *Initial Assessment Interview, Indicator Checklist, Corroborative Material* at *Identification of Possible TIP Cases* ay isinagawa naman ni PSI Marlyn Abah, *Regional WCPD Officer*, samantalang si PCInsp. Alfredo B. Opriasa ng WCPC, Camp Crame naman ang nagpaliwanag sa *Counter-Trafficking Intelligence* na kinapapalooban ng *Type of Information, Source of Information* at *Surveillance*. Kasusunod nito ay ang pagtalakay sa *Arrest, Search and Seizure* ni PSupt. Grace Sabino – Diangson; *Establishing Criminal Liability for ITP* – Atty. Cristina Sevilla ng *Child Justice League,*

*(Sundan sa pahina 8)*






*Si P/CSupt Paterno P. Bangui bilang guest speaker sa pagsasanay ng Bicol PNP sa Investigative Techniques on Anti-Trafficking in Persons; sa ibabang larawan, tinatalakay ni Prov'l Prosecutor Oscar J. Villafuerte ang RA 9208 at mga kaugnay na batas nito.*

# Stat Exhibit tampok sa selebrasyon dito ng 19th National Statistics Month



Rodolfo Guevarra

Pormal na binuksan ng Pamahalaang Panlalawigan ang *Statistical Exhibit* sa *Provincial Capitol Lobby* noong umaga ng Oktubre 6, 2008.

Ito'y kaugnay ng pakikiisa nito sa pagdiriwang ng bansa sa buong buwan ng Oktubre ng *National Children's Month* sa ilalm ng temang, "*Bright Child*: Sa Tamang Pag-aaruga, Kinabukasan ay Maginhawa" at *19th National Statistics Month (NSM)* na nakatuon sa paksang *"Demand-Driven Statistic: Key to Micro, Small and Medium Enterprise (MSME) Development"*.

Layunin ng natu-rang eksibit na ang mga mamamayan ay magkaroon ng pagkaunawa sa kalagayan at kahalagahan ng mga bata gayundin ang kahalagahan ng estadistika sa mga mag-aaral sa ating lalawigan.

Tampok sa displey sa Kapitolyo ang kalagayan ng mga kabataan at kababaihan sa presentasyon na ginamitan ng *graphs, tables, maps* at mga larawan ng bawat sektor ng mga programang makabata. Nakita rin doon ang kalagayan ng lalawigan ng Camarines Norte sa aspetong pisikal, demograpiya, imprastraktura at ekonomiya kabilang na ang sektor ng mga *micro, small* at *medium enterprises (MSMEs)* dito.

Samantala, ang *ribbon cutting* na isinagawa matapos ang *flag raising ceremony* sa Kapitolyo ay pinangunahan nina *Provincial Administrator* Napoleon A. Malalauan at *Provincial Statistics Officer* Rodolfo P. Guevarra na sinaksihan ng mga opisyal at empleyado ng pamahalaang panlalawigan at ilang pambansang ahensya ng pamahalaan na nakabase rito.

Sinimulan ang pagbubukas ng eksibit sa pamamagitan ng isang angkop na palatuntunan kung saan ibinigay ni *PSO* Guevarra ang opening remarks at ang rationale ng *NSM*. Ang mensahe naman ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. na nasa opisyal na lakad sa labas ng lalawigan ay ipinaabot ng kanyang kinatawan na si PA Malaluan gayundin ang *closing remarks.*

Sa binasang mensahe, pinagtuunan ang ginagawang pagsisikap ng pamahalaang panlalawigan na masuportahan ang ganitong mga gawain dahil sa pama-magitan nito ay naipakikita ang pagpapahalaga sa mga kabataan, at sa estadistika na ginagamit na basehan sa paggawa ng mga plano at proyekto salalawigan.

Kasama ring binigyang-diin sa mensahe ang pagpupunyagi ng pamahalaang panlalawigan na gawing angkop ang kapaligiran para sa mga bata sa pamamagitan ng pagpapatupad ng iba't-ibang programa at proyekto para sa kapakanan ng mga kabataan at kababaihan dito sa lalawigan.

Naging punong abala sa paggaw ng mga idinispley na eksibit ang *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na pinamumunuan ni Arch. Madonna A. Abular, *Provincial Planning and Development Coordinator* at sa tulong ng kanyang masisipag at matitiyagang *staff*. ***MARILYN P. ASIS***



***Ang ilang mga mag-aaral na bumisita sa Statistical exhibit sa provincial capitol lobby ng kapitolyo. Inasikaso naman sila ni Nimfa Camara, Statistician IV ng Provincial Planning and Development Office na siyang punong abala sa pagsasagawa ng naturang exhibit na ito. Ang exhibit ay ginanap sa buong buwan ng Oktubre at tampok dito ang ibat-ibang datos na nagbibigay impormasyon ukol sa kalagayan ng lalawigan.***

# Bicol PNP...

*(Mula sa pahina 7)*

at; *Media Handling of Trafficking Cases* –PSI Flor E Mirasol, *PCR Chief.*

Nagkaroon din ng mga *practicum* sa *Rescue, Entrapment and Arrest, Interview of Victims*, at *Testifying in Court* kung saan hinati ang mga nagsidalo sa tatlong grupo na sinundan ng mga pag-uulat. Sa *closing program* nito, nagbigay ng mensahe si PCSupt Yolanda G. Tanigue.

Inaasahang pagkatapos ng pagsasanay na ito, ang mga kapulisan sa Bicol ay sangkap na sa tamang kaalaman upang kahit papaano ay mabawasan kung hindi man lubusang matigil ang TIP sa rehiyon.

# Resulta ng 2008 ...

*(Mula sa pahina 6)*

tillo, Jr. at Maria Elena A. Bidar; at sampu (10) naman mula sa *Mabini Colleges* na matamang sinubaybayan ng kanilang nag-iisang *coach* na si Elmer A. Delos Angeles, Jr. Lahat na mga kalahok ay binigyan ng kaukulang sertipiko ng Pamahalaang Panlalawigan.

Nagsilbing *board of judges* sa nasabing paligsahan sina Ramon B. Avila, *Math Division Supervisor* ng *Department of Education (DepEd)*, Jose M. Marinda, *Provincial Agricultural Statistics Office* ng *Bureau of Agricultural Statistics (BAS)*, at; *Engr.* Victorio F. Corporal, *Chief-Quality Control Division* ng *Department of Public Works and Highways (DPWH)*.

Bago ang naturang patimpalak, isinagawa muna ang isang programa na tinampukan ng *welcome/opening remarks* ni Arch. Madonna A. Abular, *Provincial Planning and Development Coordinator (PPDC)* ng *Provincial Planning and Development Office*. Ang paglalahad sa *overview* ng *2008 PSQ* gayundin ang pagpapakilala sa mga kalahok at lupon ng mga hurado ay pinangunahan naman ni Mr. Rodolfo P. Guevarra, *Provincial Statistics Officer* ng lalawigan. Inilahad at ipinaliwanag naman ni John Vincent D. Ramores, *Acting District Statistics Officer* ng *NSO* ang tungkol sa mga tuntunin ng patimpalak.

Bilang karagdagan, ang mga opisyal na nangasiwa sa *contest proper* ay ang mga sumusunod: mula sa *NSO*, Ms. Azucena L. Salgado, *Statistician II* na tumayong *quiz master*, Ms. Jenny O. Fermo, *timer*, at sina Janice C. España at Mr. Ramores naman ang naging mga tagapagpuntos *(scorers)*. Nagsilbi namang mga *proctors* ang mga kawani ng *PPDO* na sina Nimfa E Camara, *Statistician IV*; Nida N. Tosoc, *Statistician III*; Marilyn P. Asis, *Statistician II*; Rosemarie C. Estrada, *Statistician*; Jorge I. Ibasco, *Draftsman III* at Ms. Angelita C. Peñafiel, *PPDO Staff*.

Ayon kay *Provincial Statistics Officer* Guevarra, hindi nagpahuli ang lalawigan ng Camarines Norte sa mga nakaraang *statistics quiz*. Pito (7) na ang naging kinatawan ng Rehiyong Bikol sa *PSQ National* at nakakakuha ng ikalawang puwesto rito. Ang isa rito ay si Joel Abiera ng *Mabini Colleges*.

Idinagdag pa ni Guevarra na sana ay manalong muli ang lalawigan sa *regional* at *national levels*. ***MARILYN P. ASIS***

# Children's Congress...

*(Mula sa pahina 10)*

Binigyang-diin niya rito na sa sama-samang pagkilos ng lahat ng sektor, pampamahalaan o pribado man, magkakaroon ng katuparan ang mga nakasaad na ang mga bata ay mamumuhay nang masaya sa piling ng kani-kanilang mga pamilya, protektado, malulusog, at; ang mga magulang ay may trabaho at nagkakaisa. Aniya, makatitiyak na ng magandang bukas ng mga kabataan. Naging tampok dito ang isinagawang *workshop* ng mga kabataan kung saan tinaya ang kanilang kaalaman ukol sa kanilang mga karapatan, pagkilala sa kanilang mga responsibilidad at pagpapahayag ng kanilang mga pangarap, at kahilingan sa pamahalaan para sa kanilang kapakanan.

Bago ang naturang *workshop*, ang paksang *"Situation of Women and Children in Camarines Norte* at *Overview of Child Friendly Movement* ay tinalakay muna ni Elena B. Austria, *Asst. Provl. Planning and Devt. Coordinator (APPDC)* ng *Provl. Planning and Devt. Office (PPDO)*.

Inilahad niya rito ang kalagayan ng mga kabataan at kababaihan sa lalawigan at iniisa-isa ang mga karapatan at pananagutan ng mga kabataan at ang mga programa at proyektong ginagawa ng pamahalaang panlalawigan at ibang ahensiya ng pamahalaan para sa kapakanan ng mga kabataan at kababaihan.

Tinalakay naman ni SP Kgd. Arthur Michael Canlas ang *orientation* ng *child participation* kung saan ibinahagi niya ang kanyang karanasan sa pakikilahok sa mga gawain ng kabataan bilang pagengganyo sa mga ito. Nagsimula siya sa pagsali sa Sangguniang Kabataan at ito ang kanyang naging tuntungan sa matagumpay na pagpasok sa pulitika at ngayon nga ay ikatlong termino na niya bilang Bokal ng Sangguniang Panlalawigan.

Ang *overview* ng *Child-Friendly School System (CFSS)* ay tinalakay naman ni Mr. Ramon Avila ng *Department of Education (DepEd)*. Binigyang-diin niya rito na ang isang paaralan ay masasabing *child friendly school* kapag mayroon itong serbisyong pangkalusugan na ibinibigay sa mga mag-aaral, napangangalagaan at napoprotektahan ang mga bata sa loob ng paaralan at ang komunidad ay tumutulong sa paaralan para sa ikabubuti ng kanilang edukasyon.

Dumalo sa naturang *Children's Congress/ Assembly* ang mga mag-aaral at guro mula sa mga paaralang elementarya at/o hayskul mula sa mga bayan ng Basud, Vinzons, Daet, Jose Panganiban at Labo.

Naging punong abala sa gawaing ito ang *PPDO* na pinangungunahan ni *Arch.* Madonna A. Abular, *Provincial Planning and Development Coordinator/ CPC 6 Coordinator.* Isinagawa ito sa ilalim ng *communication sector* na pinangangasiwaan ni Ms. Elena B. Austria, *Asst. PPDC*, at pinondohan sa ilalim ng *United Nations Children's Fund (UNICEF)*. ***MARILYN P. ASIS***

# Tiangge...

*(Mula sa pahina 3)*

Nagsagawa rin ng *fingerling dispersal* sa Alawihao *Dam* na pinangunahan ng mga opisyal ng mga kinauukulang pamahalaang lokal, *Provincial Fisheries Council Leaders (PFCL), Socio-Pastoral Action Center Foundation, Inc. (SPACFI)* at *Provincial Agriculture and Fishery Council (PAFC), agricultural technicians (ATs)* at *OPAg staff*.

Pinakatampok dito ang paghaharap sa *Sangguniang Panlalawigan (SP)* ng *Delineated Municipal Waters* ng Camarines Norte na pinangunahan ng *NAMRIA staff* at sinaksihan ng mga *Municipal Planning and Development Officers (MPDOs)* at *Fisheries and Aquatic Resources Management Council (FARMC).*

Ang mga natatanging programa at proyektong naisagawa ng *FARMC* at ang mga naging kaganapan sa *Fishcon Week* sa lalawigan ay inilahad ni Edgar Estanislao, *FDD Chief-OPAg* sa *FARMC on the air* na isinahimpapawid sa Radyo ng Bayan noong Oktubre 24.

Nagtapos ang 1-linggong gawain dito sa programang isinagawa sa *open space/gazebo* sa *Provincial Capitol Annex* noong Oktubre 24, 2008 na tinampukan ng pagbibigay ng sertipiko ng pagkilala sa mga indibidwal at/o grupo na aktibong nakiisa sa selebrasyon dito ng *45th Fishcon Week.* ***MELINDA L. JEREZ/LT IBASCO***

# 20 kabataan dumalo ...

*(Mula sa pahina 10)*

*Community Affairs Office-Office of the Governor (CAO-G.O.)* at *Museum, Archives and Shrine Curation Division (MASCD)–G.O* at pinunduhan ng *Terre des Holmes-Netherlands (TDH-NL)* sa pakikipagtulungan sa *Philippine Against Child Trafficking (PACT), Asia Against Child Trafficking (Asia ACTs)* at sa *International Council Against Child Trafficking (ICACT).*

Lumahok sa naturang *training workshop* ang dalawampung (20) kabataan mula sa iba't-ibang bayan Camarines Norte at maging sa Iriga City. Isa itong *live-in training workshop* kung saan natutunan ng mga kabataan ang mga gawaing pang-entablado. Karaniwang may bayad ang ganitong pagsasanay, ngunit ipinagkaloob ito sa kanila nang walang bayad.

Layunin ng programang ito na mailabas ng mga kabataan ang kani-kanilang angking talino at kakayahan sa pagganap, at mailayo sila sa panganib ng pang-aabuso at iba't ibang uri ng eksploytasyon na nararanasan ng maraming kabataan sa kasalukuyan.

Ninanais din dito na hubugin ang personalidad ng mga kabataan upang sila ay maging mas mabubuti at responsableng mga indibidwal, magkaroon ng angkop na tiwala sa sarili, matutong makitungo sa kapwa at iangkop ang sarili sa sitwasyong kinasasangkutan. Sa pamamagitan din ng pagsasanay na ito, inaasahang makatutulong ang gawaing ito sa pagbubuo ng mapagkalingang komunidad na may mas sistematiko at samasamang pagtugon sa *child trafficking* sa pamamagitan ng edukasyon, mga pagsasanay, pagsasaliksik at kampanya hinggil sa nasabing adbokasiya. Matutulungan din nito ang pagpapataas ng antas ng kamalayan sa lalawigan laban sa pakikibaka sa pangangalakal ng serbisyo ng mga kabataan at mapalakas din ang pakikipag-ugnayan o *networking*, suporta at kooperasyon ng lahat na mga kasangga upang mas mapabuti ang mga polisiya sa pagtrato sa mga *trafficked victims*. Nilalayon din nitong gawing institusyon ang kampanya sa lalawigan sa pagsasagawa ng *plan of action* sa pagsusulong ng adbokasiya laban sa *child trafficking*.

Kaugnay nito, napuna ng mga tagapangasiwa ng 3-araw na pagsasanay na sa una ay mahiyain ang karamihan sa mga kalahok, subali't nang tumagal, natuto silang makisama sa kapwa-kalahok at inilabas ang tunay na damdamin at talento nang walang pag-aalinlangan.

Sa pamamagitan naman ng sayaw, isinadula ng mga kabataan ang mga nakalulunos na sitwasyong kinasasadlakan ng mga kabataang nabibiktima ng trapiking.

Ito ay sa *culminating activity* ng *TATCYPCN* noong Oktubre 31, ika-5:00 n.h. sa *Provincial Capitol main lobby* na sinaksihan ng mga opisyal at kawani ng pamahalaang panlalawigan gayunin ng mga pamilya at kaibigan ng mga kabataan.

Nagbigay ng sorpresang pang-aliw na bilang dito ang *PACT Camarines Norte-Iriga City Cluster Members* sa pangunguna ni *Community Affairs Officer IV* Purita P. Briñas na siya ring *PACT Secretary, National Campaign Council/Convenor for Luzon*.

Ang naturang programa ay tinampukan ng paggawad ng mga kaukulang sertipiko sa mga kalahok, at pamamahagi ng *bag* mula sa *Daet Lions Club* sa pamamagitan ng pangulo nito na si *General Services Officer* Jose Rene G. Ruidera, *DPA* na una nang nagbigay ng mensahe nito.

Pinagkalooban din ng parangal at medalya galing sa Daet Lions Club ang mga sumusunod na kalahok na nagpamalas ng husay sa pag-arte: Danilo T. Cailao - *new found artist*; Rey Anthony T. Olit – *crowd favorite*; Raymond M. Pallaya – *best in pantomime/creative actor*; Jeffrey Joseph T. Caramoan – *versatile actor*; Nuelle Jane C. Alteza – *best child actress*; Mary Ann I. Belen – *best actress*, at; Gene Paulo B. Cabezudo – *best actor/director*.

Sila ay nagsanay sa ilalim ng gabay at patnubay nina Mariecar del Moro-Manlapaz ng *MASCD-G.O.* at Joel Pria, mag-aaral ng Arts & Letters sa Bicol University, na sila ring nangasiwa ng *theatrical workshop design* kung saan ang unang araw ay tinampukan ng mga aralin at pagsasanay ukol sa pag-arte *(acting)*, ikalawang araw – wastong hina/lakas at estilo ng paggamit ng tinig o boses *(voice)* at sa ikatlo at huling araw – wastong paggalaw sa entablado *(stage movement)*. ***AIDA B. PANDEAGUA***

# Mga nanalo ...

*(Mula sa pahina 3)*

*ment Coordinators (MPDCs).*

Binigyan din ng *certificate of commendation* ang mga sumusunod na miyembro ng *CFB provincial search committee* bilang pagkilala sa kanilang inisyatibo at aktibong partisipasyon: Dr. Guanio, Mercedes 'Ched' Juan, Lita Palad at Marino Abogado ng *PHO*; Ramon Avila, Angelina Relucio at Dr. Aida Francisco ng *DepEd*; Mr. Rey de Leon ng *Philippine Information Agency (PIA)*, Ms. Azucena Salgado ng *National Statistics Office (NSO)*, at Melody Relucio ng *Dept. of the Interior and Local Government (DILG)*.

Samantala, ang pamantayan na ginamit sa ebalwasyon ay nahahati sa *service delivery* – 85% at *institution building* – 15% na may kabuuang 100%. Ang *service delivery* ay patungkol sa mga programa at proyektong makabata na may kaukulang puntos at kinabibilangan ng *child health* na may 18%, *maternal health* –21%, *education* –24%, *child protection*–11%, *child participation* 3%, at *family practices*–8% o kabuuang 85%. Binigyan naman ng bonus na 5 puntos ang mga kalahok na barangay na ang mga opisyal ay may sapat na kaalaman at impormasyon patungkol sa *Child-Friendly Movement (CFM)*.

Sa pangkalahatang ebalwasyon, ang mga dokumentong isinumite ay may katumbas na puntos na 30% at ang *field validation* naman ay may bigat na 70% o kabuuang 100%. ***MP ASIS/ LT IBASCO***

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 4 DAET, CAMARINES NORTE OKTUBRE 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

# Bicol PNP Nagsanay sa Investigative Techniques para sa Anti-Trafficking in Persons



Gen. Yolanda G. Tanigue

Ang mga piling kagawad ng *Philippine National Police* (PNP) ng Rehiyong Bicol ay dumalo sa tatlong (3) araw na pagsasanay sa *Investigative Techniques* sa *Anti-Trafficking in Persons* noong Oktubre 7-9, 2008 na ginanap sa Prexian Hall ng *St. Anthony de Padua Parish Church* sa bayan ng Mercedes, Camarines Norte kaugnay ng paglaganap ng pambibiktima sa mga

(Continued on page 7)

# Children's Congress/ Assembly isinagawa sa lalawigan



Dr. Martha Cayad-an

Kaugnay ng pagdiriwang sa *National Children's Month* sa lalawigan, isinagawa ng Pamahalaaang Panlalawigan ang *Children's Congress/Assembly* noong Oktubre 18, 2008 sa *Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd floor annex, Provincial Capitol, Daet* kung saan ang napiling maging panauhing pandangal ay si Dr. Martha Cayad-an, *Health Specialist, Health & Nutrition Section*, UNICEF-Manila

Pinapurihan ni Dr. Cayad-an ang pamunuan ng pamahalaang panlalawigan at mga opisyal ng iba't ibang ahensya nito dahil sa pagsusumikap ng mga ito na masiguro na ang mga karapatan ng mga kabataan ay natatamasa ng mga ito.

Ang nasabing pagdiriwang ay isang paraan upang makasali at magkaroon ng partisipasyon ang mga kabataan sa mga ganitong gawain, at malaman ang kanilang mga saloobin at hinaing patungkol sa pamahalaan.

Sa maikling mensahe ni SP Kgd. Teresita Malubay, *chairman* ng *committee on women and family*, ibinahagi niya ang bisyon o pangarap ng lalawigan ng Camarines Norte.

(Sundan sa pahina 9)







*Ang Child Friendly Movement Assembly na isinagawa sa Golden Palace Restaurant kung saan ito ay dinaluhan ng mga local na opisyal ng mga bayan dito sa Camarines Norte at ng mga miyembro ng provincial Technical Working Group ng CPC 6; tinanggap naman ng pamunuan ng Brangay IV ng Daet sa pamumuno ni PB Joselito Perpetua ang tropeyo at dummy check na nagkakahalagang P50,000.00 ng tanghalin itong Most Child Friendly Barangay sa 2007 Search for CFB.*

# 20 kabataan dumalo sa 3-araw na theater arts training-workshop

Isinagawa ang *Theater Arts Training for Children and Young People in Camarines Norte (TATCYPCN)* noong Oktubre 29-31, 2008 sa Camarines Norte *Audio-Visual Production Center, 3rd Floor Annex, Provincial Capitol Building, Daet, Camarines Norte.*

Itinaguyod ito ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng

(Sundan sa pahina 9)






***Tinatanggap ni Mariecar DM Manlapaz ng MASCD-GO ANG Certificate of Commendation mula kay CAO IV Purita P. Briñas at Daet Lions Club Pres. Dr. Rene G. Ruidera, DPA, Lions Carlito Toledana at Oscar Abay sa pagtatapos ng 3-day Theatre Arts Training for Children & Young People noong Oktubre 30, 2008; Tableau presentation ng mga workshop participants na binubuo ng mga OSYs at ISYs.***